Palabas na **balita**

# Protektahan ang iyong sarili mula sa mga manloloko

Enero 20, 2023

## Dapat mag-ingat ang mga Albertan kung makatanggap sila ng isang tekstong mensahe na nagsasabing mula ito sa pamahalaan tungkol sa mga pagiging abot-kayang pagbabayad.

Ang pamahalaan ng Alberta ay nakatanggap ng mga ulat ng mga tekstong mensahe na sumusubok na dayain ang mga hindi naghihinalang Albertan, kabilang ang mga nakatatanda at mga pamilya na maaaring maging karapat-dapat para sa mga naka-target na pagbabayad na tulong. Sa isang manlolokong teksto, hinihiling sa mga tao na mag-click sa isang link upang magparehistro para sa mga awtomatikong pagbabayad sa bangko.

Ang Pamahalaan ng Alberta ay hindi kailanman magte-text sa iyo o gagawa ng hindi hinihinging mga tawag upang magtanong ng iyong personal na impormasyon.

“Hindi sa anumang pagkakataon, magpapadala ang pamahalaan ng Alberta ng mga email o teksto na humihiling ng impormasyon para sa programa ng pagiging abot-kaya. Ang mga gumagamit ay hindi dapat mag-click sa mga link o magbigay ng personal o pagbabangkong impormasyon sa mga tekstong mensahe o email."

*Nate Glubish, Ministro ng Teknolohiya at Pagbabago*

Ang isang siguradong, online na portal ng aplikasyon para sa mga pagiging abot-kayang pagbabayad ay inilunsad ng pamahalaan noong Enero 18. Ang mga pamilyang may sambahayang kita na mas mababa sa $180,000 ay karapat-dapat na makatanggap ng $100 bawat buwan para sa anim na buwan para sa bawat umaasang bata na wala pang 18 taong gulang. Ang mga nakatatanda na 65 taong gulang o mas matanda na may mga sambahayang kita na mas mababa sa $180,000 at hindi tumatanggap ng Benepisyo sa

Pag-uuri: Publiko

mga Nakatatanda ng Alberta (Alberta Seniors Benefit) ay maaari ding mag-aplay para sa buwanang pagbabayad.

Ang sinumang hindi makapag-aplay online ay maaaring mag-aplay nang personal sa pamamagitan ng alinmang ahente ng pagpapatala o Sentro ng mga Suporta ng Alberta (Alberta Supports Center).

Ang mga Albertan na tumatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng Tiniyak na Kita para sa Malubhang Kapansanan [Assured Income for the Severely Handicapped (AISH)], Suporta sa Kita [Income Support] o Benepisyo ng mga Nakatatanda ng Alberta [Alberta Seniors Benefit], o mga serbisyo sa pamamagitan ng mga Taong may mga Kapansanan sa Pag-unlad [Persons with Developmental Disabilities (PDD)] na programa, ay nakarehistro na para sa programa at awtomatikong makakatanggap ng mga bayad.

## Mabilis na mga Katotohanan

- Hinihikayat ang mga Albertan na mag-aplay para sa o suriin ang katayuan ng kanilang mga Pagiging Abot-kayang Pagbabayad sa pamamagitan ng pag-log on sa portal.

- Kung hindi ka nakatitiyak o sa tingin mo ay naging target ka ng isang phishing na panloloko, mag-ulat ng mga alalahanin sa pulisya at sa Sentro Laban sa Panloloko ng Canada (Canadian Anti-Fraud Center) sa online o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888 -495-8501.
- Ang mga pilyego ng tip at iba pang mga mapagkukunan upang maiwasan ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan at mga panloloko na nauugnay sa mamimili ay matatagpuan sa alberta.ca sa pahina ng mga tip sa Mamimili at Negosyo.
- Para sa tulong sa mga aplikasyon sa pagiging abot-kayang pagbabayad, ang mga Albertan ay maaaring:
  - Tawagan ang linya ng suporta sa napatunayang account sa 1-844-643-2789.
  - Tawagan ang Linya ng Impormasyon ng Plano ng Aksyon sa Pagiging Abot-kaya (Affordability Action Plan Information Line) sa 1-844-644-9955.
  - Bisitahin nang personal ang sinumang ahente ng pagpapatala o Sentro ng Suporta ng Alberta (Alberta Supports Center) para makatanggap ng suporta sa 50 mga lokasyon at sa mahigit sa 100 mga wika nang walang bayad. Sa panahon ng aplikasyon, ang mga Suporta ng Alberta (Alberta Supports) ay nagbibigay ng pinahabang oras mula alas 4:30 ng hapon

hanggang alas 8 ng gabi Lunes hanggang Biyernes, at mula alas 9 ng umaga hanggang alas 3 ng hapon tuwing Sabado.

- Katulad ng lahat ng mga online na account, ang mga Albertan ay dapat na gumamit ng matibay na mga password at hindi dapat ibahagi ang kanilang password sa iba. Ang mga tip sa kung paano lumikha ng isang matibay na password ay magagamit sa site ng aplikasyon.
- Ang karagdagang impormasyon, kabilang ang isang paano-gawin (how-to) na video at mga sagot sa mga tanong, ay makukuha sa online.

## Kaugnay na impormasyon

- Mag-aplay para sa mga pagiging abot-kayang pagbabayad

## Multimedia

- Pagprotekta sa iyong sarili mula sa mga manloloko